



Lungsod ng Lathrop

Patakaran sa Paghinto ng Serbisyo sa Tubig sa Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad

1. Layunin/Background:

Ang Patakarang ito ay itinatag alinsunod sa Senate Bill 998, na kilala bilang "Water Shutoff Protection Act" (California Health and Safety Code §§ 116900-116926).

2. Paglalapat:

Ang Patakarang ito ay nalalapat lamang sa paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad. Ang umiiral na mga ordinansa, resolusyon, patakaran at pamamaraan ng Lungsod ng Lathrop ay patuloy na ilalapat sa anumang account sa serbisyo ng tubig na hindi residensyal at sa paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan para sa iba pang mga kadahilanan, kabilang ang pagwawakas ng koneksyon ng serbisyo ng Lungsod ng Lathrop ("Lungsod") dahil sa paglabag ng kostumer sa anumang iba pang ordinansa, regulasyon o patakaran ng Lungsod.

3. Pagkakaroon ng Patakaran:

Ibibigay ng Lungsod ang Patakarang ito sa Ingles, at sa mga wikang nakalista sa Civil Code Section 1632, na kinabibilangan ng Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean, at anumang iba pang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento (10%) ng mga tao na naninirahan sa lugar ng serbisyo ng Lungsod. Ang Patakarang ito ay gagawing available sa publiko sa website ng Lungsod.

4. Numero ng Telepono:

Ang Kagawaran ng Pananalapi ng Lungsod ay maaaring tawagan sa pamamagitan ng telepono sa (209) 941-7320 para sa tulong tungkol sa pagbabayad ng mga singil sa tubig at upang talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan nang dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga tuntunin ng Patakarang ito.

5. Mga Kinakailangan Bago ang Paghinto ng Serbisyo sa Tubig sa Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad:

- a. 60-araw na Panahon ng Pagkadelingkuwensiya: Hindi ihihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan nang dahil sa hindi pagbabayad hangga't hindi nadelingkuwente ang pagbabayad ng kostumer nang hindi bababa sa 60 araw.
- b. Paunawa: Makikipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 7 araw ng negosyo bago ihinto ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad. Ang nakasulat na abiso ay dapat ibigay sa Ingles; ang mga wikang nakalista sa Civil Code Section 1632; at anumang iba pang wikang sinasalita ng hindi bababa sa 10 porsiyento (10%) ng mga mamamayang naninirahan sa lugar ng serbisyo ng Lungsod.
 - i. Ang nakasulat na paunawa ng pagkadelingkuwensiya sa pagbabayad at napipintong paghinto ng serbisyo sa tubig sa tirahan ay dapat ipadala sa adres sa koreo na itinalaga sa account. Kung magkaiba ang adres sa koreo at ang adres ng gusali kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig sa tirahan, ang nakasulat na abiso ay ipapadala rin sa adres ng serbisyo at naka-adres sa "Naninirahan".
 - ii. Kasama sa nakasulat na abiso sa pagdiskonekta:
 1. Pangalan at adres ng kostumer.
 2. Ang halaga ng pagkadelingkuwensiya.
 3. Ang petsa kung kailan kinakailangan ang pagbabayad o mga kaayusan sa pagbabayad upang maiwasan ang paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan.
 4. Isang paglalarawan ng proseso upang makapag-aplay para sa pagpapalawig ng oras upang bayaran ang mga delingkwenteng singil.
 5. Isang paglalarawan ng proseso sa petisyon para sa pagrepaso at pag-apela.

6. Isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng isang ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang isang amortisasyon ng mga delingkwenteng singil sa serbisyo ng tubig sa tirahan, na naaayon sa Patakarang ito.
 7. Ang numero ng telepono ng Lungsod, adres ng negosyo, at mga oras ng pagpapatakbo ng desk ng serbisyo sa customer ng Departamento ng Pananalapi.
- iii. Ang Lungsod ay maaaring alternatibong magbigay ng abiso sa kostumer ng napipintong paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan sa pamamagitan ng telepono. Kung ang abiso ay ibinigay sa pamamagitan ng telepono, ang Lungsod ay mag-aalok na magbigay sa kostumer ng isang kopya ng Patakarang ito at nag-aalok din na talakayin sa mga opsyon ng customer para sa mga alternatibong pagbabayad at ang mga pamamaraan para sa pagsusuri at pag-apela sa singil ng customer.
 - iv. Kung ang Lungsod ay hindi nakipag-ugnayan sa kostumer o isang nasa hustong gulang na nakatira sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik sa pamamagitan ng koreo bilang hindi maihahatid, ang Lungsod ay dapat gumawa ng magandang loob na pagsisikap na bisitahin ang tirahan at maglagay sa isang kitang-kitang lugar, ng isang abiso ng napipintong paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan para sa hindi pagbabayad at isang kopya ng Patakarang ito.

6. Impormasyon sa Pagpapanumbalik ng Serbisyo:

Sa paghinto ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad, ang Lungsod ay magbibigay sa kostumer ng impormasyon kung paano ibabalik ang serbisyo ng tubig sa tirahan.

7. Mga Paghihigpit sa Paghinto ng Serbisyo ng Tubig sa Tirahan:

- a. Hindi dapat ihinto ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay natutugunan:

- i. Ang kostumer, o isang nangungupahan ng kostumer, ay nagbibigay ng sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, gaya ng tinukoy sa Welfare and Institutions Code Section 14088(b)(A)(I), na ang

paghinto ng serbisyo sa tubig sa tirahan ay magiging banta sa buhay, o nagdudulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo ng tubig sa tirahan.

ii. Ipinakikita ng kostumer na wala siyang kakayanang pinansyal upang magbayad ng serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Lungsod.

1. Ang kostumer ay dapat ituring na walang pinansyal na kakayanang magbayad sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng normal na siklo ng pagsingil ng Lungsod kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng:

- a. CalWORKs,
- b. CalFresh,
- c. Pangkalahatang Tulong,
- d. Medi-Cal,
- e. Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o;
- f. Espesyal na Supplemental Nutrition Program ng California para sa mga Babae, Sanggol at Bata, o;
- g. Idineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento (200%) ng pederal na antas ng kahirapan.

iii. Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o pinababang pagbabayad, na naaayon sa Seksyon 7.b. ng Patakarang ito.

b. Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad

i. Kung natutugunan ng kostumer ang lahat ng kundisyon na nakalista sa Seksyon 7.a. sa itaas, ang Lungsod ay mag-aalok sa kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

1. Amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse.
2. Pakikilahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
3. Isang bahagya o buong pagbawas ng hindi nabayaranang balanse na pinondohan nang walang karagdagang mga pagbabago sa ibang mga

nagbabayad ng rate.

4. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

- ii. Maaaring pumili ang Direktor ng Pananalapi, o itinalaga, kung alin sa mga opsyon sa pagbabayad na inilarawan sa Seksyon 7.b.i. sa itaas ang maaaring ibigay sa kostumer at maaaring magtakda ng mga parametro ng opsyon sa pagbabayad na iyon. Karaniwan, ang inaalok na opsyon sa pagbabayad ay dapat magresulta sa pagbabayad ng anumang natitirang balanse sa loob ng 12 buwan. Maaaring magbigay ang Lungsod ng mas mahabang panahon ng pagbabayad kung nalaman nitong kinakailangan ang mas mahabang panahon upang maiwasan ang labis na paghihirap sa kostumer batay sa mga kalagayan ng indibidwal na kaso.
- c. Mga Obligasyon ng Kostumer: Ang kostumer ay dapat manatiling napapanahon sa serbisyo ng tubig sa tirahan habang ang mga singil ay naiipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Ang kostumer ay hindi maaaring humiling ng karagdagang amortisasyon o pagbabawas ng anumang kasunod na hindi nabayaranang mga singil habang nagbabayad ng mga delingkwenteng singil alinsunod sa isang alternatibong kaayusan sa pagbabayad. Simula sa petsa kung kailan pinasok ang unang kaayusan sa pagbabayad, ang mga kostumer na hindi sumunod sa isang napagkasunduang kaayusan sa pagbabayad ay hindi magiging karapat-dapat na humiling ng areglo ng pagbabayad sa hinaharap sa loob ng 12 buwan, maliban kung ipinagbabawal ng batas.
- d. Pagkadiskonekta pagkatapos ng Pagkabisong Sumunod sa Mga Alternatibong Pagsasaayos ng Pagbabayad
 - i. Maaaring idiskonekta ng Lungsod ang serbisyo nang hindi lalampas sa 5 araw ng negosyo pagkatapos mag-post ang Lungsod ng panghuling abiso ng layunin na tanggalin ang serbisyo ng tubig sa tirahan sa isang kilalang lugar ng ari-arian sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na pangyayari:
 1. Nabigo ang kostumer na sumunod sa isang kasunduan sa amortisasyon, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng singil sa loob ng 60 araw o higit pa.
 2. Habang nagsasagawa ng kasunduan sa amortisasyon, isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang pagpapaliban o

pagbabawas sa plano ng pagbabayad para sa mga delingkwenteng singil, hindi binabayaran ng kostumer ang kanyang kasalukuyang singil sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng 60 araw o higit pa.

8. Mga serbisyonag konektado sa Relasyon ng Nagpapaupa at Nangungupahan:

- a. Abiso sa Mga Nangungupahan/Naninirahan sa mga Sitwasyon ng Master Meter ng Nagpapaupa-Nangungupahan: Kung ang Lungsod ay nagbibigay ng indibidwal na metro ng serbisyo ng tubig sa tirahan sa mga nangungupahan/naninirahan sa isang hiwalay na bahay na pang-isahang pamilya, isang istrakturang multi-unit, mobile home park, o permanenteng istrakturang residensyal sa isang labor camp gaya ng tinukoy sa Health and Safety Code Section 17008, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istraktura, o parke ay ang kostumer na nakatala, ang Lungsod ay gagawa ng isang makatwiran, mabuting loob na pagsisikap na ipaalam sa mga nangungupahan/ mga naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, kapag ang account sa serbisyo ng tubig sa tirahan ay may atraso at napapailalim sa pagdiskonekta nang hindi bababa sa 10 araw bago isara ang serbisyo ng tubig sa tirahan. Ang nakasulat na abiso ay magpapayo sa mga nangungupahan/naninirahan na sila ay may karapatan na maging mga kostumer ng Lungsod nang hindi kinakailangang bayaran ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hangga't handa silang tanggapin ang pananagutan sa pananalapi para sa mga susunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa tirahan sa adres na iyon.
- b. Serbisyo sa mga Nangungupahan/Naninirahan:

Hindi dapat ibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga nangungupahan/naninirahan maliban kung sumasang-ayon ang bawat nangungupahan/naninirahan sa mga tuntunin at kundisyon ng Lungsod para sa serbisyo ng tubig sa tirahan at nakakatugon sa mga kinakailangan ng batas at mga ordinansa, resolusyon, regulasyon ng Lungsod at/o mga patakaran. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa nangungupahan/naninirahan sa tirahan ay handa at kayang tanggapin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singil para sa serbisyo ng tubig sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na magagamit ng Lungsod, ng piling pagwawakas ng serbisyo sa mga residensyal na nangungupahan/naninirahan na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa serbisyo, ang Lungsod ay magbibigay ng serbisyo sa mga residensyal na nangungupahan/naninirahan na nakakatugon sa mga kinakailangang iyon.

c. Mga Hiwalay na Bahay na Pang-isahang Pamilya: Sa kaso ng isang hiwalay na bahay na pang-isahang pamilya, maaaring gawin ng Lungsod ang alinman sa mga sumusunod:

- i. Magbigay ng abiso ng pagwawakas ng serbisyo ng tubig sa tirahan nang hindi bababa sa 7 araw bago ang iminungkahing pagwawakas.
- ii. Upang mai-waive ang halagang dapat bayaran sa delingkwenteng account, hilingin sa isang nangungupahan/naninirahan na naging kostumer na iberipika ang pangungupahan sa anyo ng isang kasunduan sa pag-upa.

9. Mga Karagdagang Pagsasaalang-alang sa Pagpapanumbalik ng Serbisyo Batay sa Pinansiyal na Kahirapan:

- a. Kung ang isang kostumer ng serbisyo sa tubig sa tirahan ay nagbigay patunay sa Lungsod na kumikita ang kanyang sambahayan ng mas mababa sa 200 porsyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan, dapat gawin ng Lungsod ang dalawa sa mga sumusunod:
 - i. Maningil ng bayad para sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig sa tirahan gaya ng itinakda sa Lathrop Municipal Code Section 13.20.020 (E).
 - ii. Iwaksi ang mga singil sa interes sa mga delingkwenteng bayarin isang beses bawat 12 buwan.
- b. Dapat ituring ng Lungsod ang isang kostumer ng serbisyo sa tubig sa tirahan na may kita ang sambahayan na mababa sa 200 porsiyento (200%) ng pederal na linya ng kahirapan kung:
 - i. Ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng:
 1. CalWORKs,
 2. CalFresh,
 3. Pangkalahatang Tulong,
 4. Medi-Cal,
 5. Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o;
 6. California Special Supplemental Nutrition Program para sa Kababaihan, Sanggol at Bata, o;
 7. Idineklara ng kostumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento (200%) ng antas ng pederal na kahirapan.

10. Pamamaraan sa Pagrepaso o Pag-apela sa isang Bayarin:

Kung nais ng kostumer ng serbisyo ng tubig sa tirahan na repasuhin o iapela ang anumang bayarin o

singil na ibinigay ng Lungsod, maaaring gawin ng kostumer ang alinman sa mga sumusunod:

a. Pagrepaso ng bayarin:

- i. May karapatan ang kostumer na humiling ng pagrepaso ng bayarin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Pananalapi.
- ii. Ang isang inirereklamong bayarin ay dapat iulat sa Departamento ng Pananalapi sa loob ng limang [5] araw pagkatapos matanggap ang bayarin.
- iii. Sa panahon ng pagrepaso ng Lungsod sa bayarin, hindi dapat idiskonekta ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng kostumer.

b. Apela ng bayarin:

- i. Ang isang apela sa singil sa serbisyo ng tubig sa tirahan ay maaaring gawin sa Direktor ng Pananalapi alinsunod sa mga pamamaraang ibinigay sa Seksyon 10.(a). sa itaas.
- ii. Habang nakabinbin ang apela ng bayarin, hindi dapat idiskonekta ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa tirahan ng kostumer.

11. Mga Kinakailangan sa Pag-uulat:

Iuulat ng Lungsod ang bilang ng mga taunang pagputol ng serbisyo ng tubig sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad sa website ng Lungsod at sa State Water Resources Control Board.